

Abiso sa Pagrerepaso ng Pagiging Karapat-dapat

PETSA:

PANGALAN AT ADDRESS NG KLIYENTE

PANGALAN AT ADDRESS NG KINATAWAN

TUNGKOL SA: **ABISO SA PAGREREPASO NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA KAY** _____

Ikaw ay kasalukuyang kliyente sa Developmental Disabilities Administration (DDA, Pangasiwaan para sa mga Kapansanan sa Paglaki). Iniaatas ng mga patakaran ng Pagiging Karapat-dapat sa DDA na pag-aralan ang pagiging karapat-dapat sa iba't ibang pagkakataon. Nangangailangan kami ng higit pang impormasyon upang ipagpatuloy ang iyong pagiging karapat-dapat para sa DDA sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na kondisyon: Kapansanan sa Pag-iisip, Cerebral Palsy, Epilepsy, Autismo, o Isa pang Neurolohikal o Iba pang Kondisyong Katulad ng Kapansanan sa Pag-iisip. Naglakip kami ng Talahanayan ng Kinakailangang Dokumentasyon upang ipaalam sa iyo kung anong impormasyon ang kailangan.

Ano ang kailangan mong gawin?

Ikalulugod ng DDA na magpadala para sa impormasyong kailangan para sa muling pagpapasyang ito. Kung nais mong magpadala ang DDA para sa impormasyong ito, mangyaring kumpletuhin ang nakalakip na consent form (porma ng pahintulot) gaya ng sumusunod:

1. Isaad sa consent form ang mga lugar, provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) at mga pasilidad na maaari naming hilingan ng impormasyon kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan;
2. Pirmahan ang (mga) kalakip na consent form; at
3. Ibalik ito sa DDA sa kalakip na sobrang may address.

Ano ang mangyayari kung hindi ako tutugon sa kahilingang ito?

Kung hindi kami makakarinig mula sa iyo, pag-aaralan namin ang iyong pagiging karapat-dapat gamit ang impormasyong mayroon kami sa iyong file. Kung hindi sapat ang impormasyon para kumpirmahin ang pagpapasya sa pagiging karapat-dapat, wawakasan ang iyong pagiging karapat-dapat para sa DDA.

Tumugon sa lalong madaling panahon para maiwasan ang anumang pagputol ng serbisyo, ngunit nang hindi lalampas sa _____.

Kung hindi kami makakarinig mula sa iyo sa pagsapit ng petsang ito, pagpapasyahan namin ang pagiging karapat-dapat batay sa impormasyong nasa iyong file.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, makipag-ugnay sa/kay:

PANGALAN

NUMERO NG TELEPONO

E-MAIL ADDRESS

Isang kopya ng mga patakaran ng estado na namamahala sa pagiging karapat-dapat (WAC 388-823) ang makukuha kapag hiniling o online sa <https://www.dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility>.

Mga Kalakip: *Talahanayan ng Kinakailangang Dokumentasyon*
Consent form (DSHS 14-012)

cc: File ng kliyente

Talahanayan ng Kinakailangang Dokumentasyon

KONDISYON NG KAPANSANAN	PAGSUSURI	TAGAPAGSURI	IBA PANG MGA REKORD
Kapansanan sa Pag-iisip	Kapansanan sa Pag-iisip	Isang Lisensyadong Sikologo, Sikologo ng Paaralan na Sertipikado ng Washington o iba pang sikologo ng paaralan na sertipikado ng National Assoc. of School Psychologists (Pambansang Asosasyon ng mga Sikologo ng Paaralan)	Buong Sikolohikal na ulat kabilang ang Full Scale IQ (Buong Pagsusulit ng IQ) score ng hindi bababa sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean at adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) score ng mahigit sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean na kinumpleto sa loob ng nakaraang 36 na buwan.
Cerebral Palsy	Cerebral Palsy Quadriplegia (Pagkaparalisado sa mga Braso, Binti at Katawan) Hemiplegia (Pagkaparalisado sa isang Panig ng Katawan) Diplegia (Pagkaparalisado sa Parehong Panig ng Katawan)	Lisensyadong Doktor	Pagsisimulang lumabas ng mga sintomas bago ang edad na tatlong (3) taon at impormasyong sumusuporta sa pangangailangan para sa pang-araw-araw na direktang pisikal na tulong sa dalawa o higit pang larangan (paggamit ng banyo, pagligo, pagkain, pagbibihis, paggalaw, o komunikasyon).
Epilepsy	Epilepsy o Pagkombulsyon	Neurologong Sertipikado ng Board	Pagsusuri na nakabatay sa medikal na kasaysayan at neurolohikal na pagsusuri, kumpirmasyon mula sa doktor o neurologo ng hindi makontrol at nagpapatuloy o nagpapabalik-balik na kombulsyon, at adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) na nagpapakita ng malalaking limitasyon sa adaptive functioning sa mahigit sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean.
Autismo (alinsunod sa DSM-IV-TR)	Autismo o Autistic Disorder Alinsunod sa 299.00 sa DSM-IV-TR	Isang Lisensyadong Sikologo, isang Lisensyadong Doktor o ARNP na may kaugnayan sa sentro ng autismo, sentro ng paglaki, o sentro ng kahusayan, o isang Sertipikado ng Board: Neurologo, Psychiatrist, o Pediatrisyan sa Paglaki at Pag-uugali	Buong paghusga alinsunod sa DSM-IV-TR na tumutugon sa lahat ng pagsusuri na pamantayan, katunayan ng pagkaantala o hindi normal na pagkilos bago ang edad na 3 sa mga kasanayan sa pakikisalamuha, wika, komunikasyon o larong sumasagisag o gumagamit ng imahinasyon, at adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) na nagpapakita ng malalaking limitasyon sa adaptive functioning sa mahigit sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean.
Autism Spectrum Disorder (alinsunod sa DSM-5)	Autism Spectrum Disorder 299.00 Alinsunod sa DSM-5 kabilang ang mga antas ng kalubhaan 2 o 3 sa parehong hanay	Isang Lisensyadong Sikologo, isang Lisensyadong Doktor o ARNP na may kaugnayan sa sentro ng autismo, sentro ng paglaki, o sentro ng kahusayan, o isang Sertipikado ng	Buong paghusga alinsunod sa DSM-V na tumutugon sa lahat ng pagsusuri na pamantayan, katunayan ng pagkaantala o hindi normal na pagkilos bago ang edad na tatlo (3) na may antas ng kalubhaan na dalawa o tatlo sa parehong hanay, adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang

		Board: Neurologo, Psychiatrist, o Pediatriyan sa Paglaki at Pag-uugali	sarili) na nagpapakita ng malalaking limitasyon sa adaptive functioning sa mahigit sa dalawang pamantayang deviation, at FSIQ ng isang pamantayang deviation o higit pa na mababa sa mean – o – tumutugon sa lahat ng pamantayan para sa Autistic Disorder 299.00 alinsunod sa DSM-IV.
Isa pang Neurolohikal o Iba pang Kondisyong Katulad ng Kapansanan sa Pag-iisip	Sakit na Neurolohikal o sa Kromosoma na kilalang nagdudulot ng mga kakulangan sa kasanayan sa pag-iisip o kasanayang maiangkop ang sarili	Lisensyadong Doktor	Full Scale IQ (Buong Pagsusulit ng IQ) score ng hindi bababa sa 1.5 na pamantayang deviation na mababa sa mean at adaptive skills test (pagsusulit sa kakayahang maiangkop ang sarili) score na nagpapakita ng malalaking limitasyon sa adaptive functioning ng hindi bababa sa dalawang pamantayang deviation na mababa sa mean na kinumpleto sa loob ng nakaraang 36 na buwan.
<p>Tandaan: Ang form na ito ay isang pangkalahatang gabay lamang at maaaring mag-atas ang DDA ng karagdagang impormasyon o mga pagsusuri. Ang dokumentasyong ito ay ang unang hakbang sa pagpapasya ng pagiging karapat-dapat. Ang pagiging karapat-dapat ay pinagpapasyahan alinsunod sa WAC Chapter 388-823.</p>			